
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY

# PRESS RELEASE

## INFLATION RATE SA NUEVA ECIJA SA BUWAN NG ENERO 2025 BAHAGYANG TUMAAS SA *2.5 PERCENT*


Date of Release: **20 February 2025**
Reference No. **2025-04**

**20 February 2025 – Cabanatuan City**
Tumaas sa 2.5 percent ang inflation rate sa Nueva Ecija sa buwan ng Enero 2025. Ito ang iniulat ni Bb. Editha Briguela, *Statistical Specialist II* mula sa Philippine Statistics Authority- Nueva Ecija sa ginanap na *Virtual Press Conference* noong Pebrero 13, 2025, ika-4 ng hapon *via Google Meet at Facebook Live.*



*SS II Editha Briguela bilang Presenter at SA Shara Mae Bergado bilang Moderator*

Ang buwanang *Press Conference* ay isinisagawa ng PSA-Nueva Ecija alinsunod sa direktiba mula sa *National Statistician* ng PSA, Usec. Claire Dennis S. Mapa kung saan pinag-uulat ang mga *PSA Provincial offices* sa buong bansa ukol sa napapanahong kalagayan ng paggalaw sa presyo ng mga produkto at serbisyo sa bawat probinsya sa nakalipas na buwan. Ang *Inflation Rate* ay ang pagbabago ng presyo kumpara sa kaparehong buwan ng nakalipas na taon, gayundin sa presyo kumpara sa nakalipas na buwan ng mga pangunahing produkto at serbisyo n nakapaloob sa market basket ng isang lalawigan. Ang press conference ay isinasagawa sa pamamagitan ng Google Meet at umeere ng live sa opisyal na *Facebook Page* ng PSA Nueva Ecija. Ito ay dinaluhan ng mga personalidad mula sa Press at Media katulad ng DWNE. Gayundin nakikibahagi din ang mga representante mula sa *Provincial Agriculturist Office (OPA-Nueva Ecija)* at *Provincial Field Office* ng *Department of Trade and Industry (DTI-Nueva Ecija).*




Noong Enero 2025, ang inflation sa Nueva Ecija ay tinatayang nasa 2.5 porsiyento, mas mataas sa 2.1 porsiyento na naitala noong buwan ng Disyembre 2024. Samantala noong Enero 2024, naitala sa 4.1 porsyento ang inflation rate sa probinsya. Ayon sa resulta, tatlo sa mga nag-ambag sa pagtaas ng inflation sa probinsya ay ang mga sumusunod na *Commodity Groups; Food and Non-alcoholic Beverages* tulad ng mga Gulay, Karne at Isda na nakapagtala ng 2.5 porsyento; *Housing, Water, Electricity, Gas and Other Fuels* tulad ng Elektrisidad, Renta sa mga Paupahang Bahay at Liquified Petroleum Gas (LPG) na may 4.5 porsyento; at *Health* tulad ng *Vitamins and Minerals* at mga serbisyo sa mga pribadong *Dental Clinic* na nakapagtala ng 4.1 porsyento.

Matapos ang ulat patungkol sa Inflation, ang PSA-Nueva Ecija ay tumanggap at sumagot sa mga katanungan na ipinadala ng mga nakapanood sa *Google Meet* gayundin sa *comment section* ng *Facebook Live*.

Para sa kumpletong detalye ng *Inflation* para sa buwang ng Enero 2025, maaari itong makita sa link na ito, ***http://psa.gov.ph/price-indices/cpi-ir***.

**GIRLIE G. DE GUZMAN**
*Supervising Statistical Specialist*
*OIC, Nueva Ecija Provincial Statistical Office*
*/rlp/htds*



PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY
https://psa.gov.ph
3/F Harrison Building, Maharlika Highway, Dicarma, Cabanatuan City 3100
Telephone: (044) 940-9213, psanuevaecija@gmail.com
www.psa.gov.ph